Anchorage School District
Student Internet User Agreement

5530 E. Northern Lights Blvd.
Anchorage, AK 99504-3135

Mahal na Magulang oTagapangalaga,

Nagagalak kaming ihandog sa mga estudyante ng Anchorage School District ang akses sa kompyuter network ng Distrito para sa pag-access sa internet. Inaatasan ng ASD na kumpletuhin ang agreement form na ito taun-taon para maka-akses ang estudyante sa Internet.

Mga Responsibilidad sa Paggamit ng Internet ng Distrito

Ang mga estudyante ay inaasahan na kumilos nang maingat at responsibleng paraan kapag nag-akses sa mga serbisyo ng network. Ang mga estudyante ay responsable sa magandang asal sa mga kompyuter network ng paaralan tulad ng ginagawa nila sa silid- aralan at sa pasilyo ng paaralan**.** Ang mga komunikasyon sa network ay karaniwang pampubliko ang uri. Umiiral ang pangkalahatang mga alituntunin ng paaralan para sa asal at komunikasyon. Ang network ay ibinigay sa mga estudyante para sa pang-edukasyong gamit lamang. Kailangan ang pahintulot ng magulang at ang mga estudyante na walang kagayang pahintulot ay responsable sa hindi pag-akses sa Internet sa paaraalan. Ang pag-akses ay isang prebilihiyo, hindi isang karapatan, at may kakabit na responsibilidad.

Ang mga indibidwal na tagagamit ng mga kompyuter network ng Distrito ay responsable sa kanilang pag-uugali at mga komunikasyon sa mga network na iyon. Inaasahan na ang lahat ng mga tagagamit ay susunod sa patakaran ng School Board E 6161.4, Mga Mapagkukunan, Kasunduan sa Pag-access at Paggamit ng Internet at igagalang ang mga kasunduan na kanilang nilagdaan.

Ang mga network storage area ay maaring itinuring na tulad ng mga locker ng paaralan. Maaring repasuhin ng mga administrador ang mga file at mga komunikasyon upang mapanatili ang integridad ng sistema at matiyak na ginagamit nang responsable ang sistema. Dapat hindi aasa ang mga tagagamit na ang mga file na nakaimbak sa mga server ng Distrito ay palaging pribado.

Batay sa kawastuhan, igagalang ang kalayaan sa pagsasalita at ang pag-akses sa impormasyon. Sa paaralan, ang mga guro ng mga mas batang estudyante ay gagabay sa mga estudyante patungo sa wastong mga materyal.

Hindi pinahihintulutan ang mga sumusunod:

- Pagpapadala o pagpapakita ng mga hindi kanais-nais na mensahe o larawan
- Paggamit ng mga malalaswang pananalita
- Panggigipit, pang-iinsulto, o pang-aatake sa iba
- Paglabag sa batas ng copyright
- Pagpasok ng walang pahintulot sa mga folder, trabaho o file ng iba
- Paggamit ng network para sa layuning pangnenegosyo
- Sinadyang pinsala sa hardware o software
- Paggamit sa mga kompyuter ng Distrito para sa hindi legal na mga gawain
- Paggamit ng password ng iba
- Paggamit ng AI para tapusin ang mga takdang-aralin nang walang pahintulot ng guro

Ang paglabag ay maaring magbunga ng pagkawala ng akses pati na rin ng iba pang pandisiplina o legal na hakbang. Para sa karagdagang impomasyon, tingnan ang Mga Patakaran ng School Board at ang dokumento ng mga Karapatan at Responsibilidad ng Estudyante ng ASD.

District G Suite Access

Lahat ng mga estudyanteng may pahintulot na ma-akses ang Internet ay mabibigyan din ng G Suite account. Hindi kasama ang email ng distrito sa account na ito ngunit ito ay nagbibigay sa mga estudyante ng access sa:

1. Google Drive
2. Google Docs
3. Google Sheets.
3. Google Sheets
4. Google Slides
5. Google Classroom

Ang account na ito ay inilaan upang mabigyan ang mga mag-aaral ng kakayahang maayos na magtrabaho sa pagitan ng bahay at paaralan. Mas marami pang impormasyon tungkol sa seguridad at privacy ay matatagpuan sa https://edu.google.com/k-12-solutions/privacy-security/

OFFICE USE ONLY: STUDENT ID_____SCHOOL NAME_____SCHOOL CODE_____
Q Default is Granted

Anchorage School District

Kasunduan para sa Estudyanteng Tagagamit ng Internet

Ang Anchorage School District ay hindi mananagot sa anumang pinsala o kasiraan na maaring makamtan ng isang tagagamit bilang bunga ng anumang di-wastong impormasyon na maaring makuha ng tagagamit sa pamamagitan ng Internet. Sa pagpasok sa Kasunduan ng Tagagamit na ito, sumasang-ayon ang tagagamit na matatali sa pagpapalaya na ito ng pananagutan at tatalikuran ang anuman at lahat ng mga karapatang igigiit ang mga paghahabol na maaring lalabas dahil sa paggamit ng Internet. (2 AAC96.400-420)

****

Bilang tagagamit ng Anchorage School District Computer, sumasang-ayon ako na sumunod sa mga tuntunin na nakasaad sa likod na pahina ng form na ito ukol sa komunikasyon sa network, habang iginagalang ang may kaugnayang mga batas at limitasyon.

Impormasyon ukol sa Estudyante:

ID# ng Estudyante	Grado
Pangalan ng Estudyante (Pakilimbag)	
Lagda ng Estudyante	Petsa

Aking nabasa ang Kasunduan para sa Estudyanteng Tagagamit ng Internet at bilang magulang o legal na tagapangalaga ng menor de edad na estudyante na lumagda sa itaas, aking binigyan ng pahintulot ang estudyante na mag-akses sa mga serbisyo ng network ng kompyuter gaya ng electronic mail sa Internet. Aking kinikilala na imposible para sa Anchorage School District na limitahan ang akses sa lahat ng kontrobersyal na mga materyal. Aking ibinibigay ang aking pahintulot na mag-akses ang aking anak sa Internet at ilathala ang impormasyon sa mga pahina ng web (maliban sa mga address ng bahay at mga numero ng telepono) at pinapatunayan na ang nilalaman ng form na ito ay wasto. Maari kong pawalan ng bisa anumang oras ang pahintulot na ito sa pamamagitan ng nakasulat na pag-abiso sa paaralan ng estudyante.

Impormasyon Ukol sa Magulang o Tagapangalaga:

Pangalan ng Magulang (Pakilimbag)	
Lagda ng Magulang/ Tagapangalaga	Petsa

Magulang/Tagapangalaga ng Estudyante na nasa Pang-Elementaryang Edad: _____
Sumasang-ayon ako na talakayinang mga inaasahan at mga responsibilidad na binalangkas sa kasunduang ito sa aking estydyanteng nasa pang-elementaryang edad sa halip ng kanyang lagda. _(Inisyal)